Tagalog

# Right Before Our Eyes

By Elder Ronald A. Rasband
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# Mismo sa Ating Harapan

Ni Elder Ronald A. Rasband
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

April 2025 general conference

---

*The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints is growing in members and families, missions and missionaries, meetinghouses and temples.*

*Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay lumalago sa bilang ng mga miyembro at pamilya, mission at mga missionary, mga meetinghouse at mga templo.*

Brothers and sisters, I am so grateful to be with you. We love you, we are grateful for you, and we feel blessed by your prayers.

Mga kapatid, ako ay nagpapasalamat na makasama kayo. Mahal namin kayo, nagpapasalamat kami sa inyo; at nadarama namin ang mga pagpapala ng inyong mga panalangin.

President Russell M. Nelson said at our last conference: "Do you see what is happening right before our eyes? I pray that we will not miss the majesty of this moment! The Lord is indeed hastening His work."

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa ating huling kumperensya na: "Nakikita ba ninyo ang nangyayari mismo sa ating harapan? Dalangin ko na makita natin ang karingalan ng sandaling ito! Talagang minamadali na ng Panginoon ang Kanyang gawain."

Hastening His work. "Hastening" is a word that matters. It suggests moving quickly, accelerating, and even urgency. In the growth of the Church and the plan of Christ, hastening is happening. And we are all a part of it.

Minamadali ang Kanyang gawain. Ang salitang "minamadali" ay mahalaga. Nagpapahiwatig ito ng pagkilos nang mabilis, mas mabilis, at nang may pagmamadali. Sa pag-unlad ng Simbahan at sa plano ni Cristo, mayroong pagmamadaling nagaganap. Lahat tayo ay bahagi nito.

In April 1834 in Kirtland, Ohio, the Prophet Joseph Smith gathered all who held the priesthood into a little schoolhouse about 14 feet (4.3 m) square. We could fit dozens of those schoolhouses in this Conference Center, with room to spare. Joseph Smith said, "It is only a little handful of Priesthood you see here tonight, but this Church will fill North and South America—it will fill the world."

Noong Abril 1834, sa Kirtland, Ohio, tinipon ni Propetang Joseph Smith ang lahat ng mayhawak ng priesthood sa maliit na paaralan na may sukat na humigit-kumulang 14 na talampakang parisukat (4.3 m). Mapagkakasya natin sa Conference Center na ito ang ilang dosenang paaralan na iyon at may ekstrang espasyo pa. Sabi ni Joseph Smith, "Kakaunti lamang ang nakikita ninyo ritong mga Priesthood ngayong gabi, ngunit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang buong mundo."

That prophecy is being fulfilled "right before our eyes." The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints is growing in members and families, missions and missionaries, meeting-

Ang propesiyang iyan ay natutupad "mismo sa ating harapan." Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay lumalago sa bilang ng mga miyembro at pamilya, mga

houses and temples, and in enrollment in our seminaries, institutes, and universities all around the world.

We are grateful to be on earth when the Church is increasing in numbers and influence, but more importantly in the hearts and lives of its members. We are known as disciples of Jesus Christ. We share our testimonies of Him, His Church, His ways, and His covenant path. We are His people, and He is our Savior.

I marvel at what President Nelson calls the "majesty of this moment"and express profound gratitude to the Lord for His work. I encourage us to stand tall as His disciples, eyewitnesses of the fulfillment of prophecy, both ancient and modern.

There are naysayers who shout, "'Lo, here!' and … 'Lo, there!'"just as they did in the Prophet Joseph Smith's time. However, they are and will be but mere footnotes in this noble work. Remember the words of Joseph Smith: "No unhallowed hand can stop the work from progressing; persecutions may rage, … but the truth of God will go forth boldly, nobly, and independent, till it has penetrated every continent, visited every clime, swept every country, and sounded in every ear, till the purposes of God shall be accomplished, and the Great Jehovah shall say the work is done."

In my assignments this year, I have had a front-row seat to the Lord hastening His work. The Church is building temples at an unprecedented pace, giving more members an opportunity to worship in the house of the Lord. Second, missionary work is gathering record numbers to the fold of the Good Shepherd, Jesus Christ. And third, Church education in many configurations is at a new high in teaching those who "seek this Jesus."

Today the Church has 367 temples in various

mission at mga missionary, mga meetinghouse at mga templo, at sa mga naka-enroll sa ating mga seminary, mga institute, at mga unibersidad sa iba't ibang panig ng mundo.

Nagpapasalamat tayo na narito tayo sa mundo sa panahon kung saan ang Simbahan ay lumalawak sa bilang at impluwensiya nito, ngunit ang mas mahalaga ay sa mga puso at buhay ng mga miyembro nito. Kilala tayo bilang mga disipulo ni Jesucristo. Ibinabahagi natin ang ating mga patotoo tungkol sa Kanya, sa Kanyang Simbahan, sa Kanyang mga pamamaraan, at sa Kanyang landas ng tipan. Tayo ay Kanyang mga tao, at Siya ang ating Tagapagligtas.

Namamangha ako sa tinatawag ni Pangulong Nelson na "karingalan ng sandaling ito"at ipinapahayag ko ang aking malalim na pasasalamat sa Panginoon at sa Kanyang gawain. Hinihikayat ko ang lahat na maging matatapat na disipulo Niya, na sinasaksihan ang katuparan ng propesiyang iyon, sa nakaraan at sa kasalukuyan.

Mayroong mga taong sumasalungat at sinasabing, "Halina rito at halina roon!"tulad ng ginawa nila noong panahon ni Propetang Joseph Smith. Gayunman, maliit lamang ang magiging epekto nila sa marangal na gawaing ito sa kasalukuyan at pati na rin sa hinaharap. Tandaan ang mga salita ni Joseph Smith: "Walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit … subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa lahat ng lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na."

Sa aking mga assignment ngayong taon, nagkaroon ako ng pagkakataong masaksihan mismo na "minamadali ng Panginoon ang Kanyang gawain." Ang Simbahan ay nagtatayo ng napakaraming templo sa maikling panahon, na siyang magbibigay sa mga miyembro ng pagkakataong sumamba sa bahay ng Panginoon. Pangalawa, ang gawaing misyonero ay nagtitipon ng napakaraming tao sa kawan ng Mabuting Pastol na si Jesucristo. At pangatlo, ang Church education sa maraming anyo nito ay nakapagtala ng pinakamalaking bilang ng mga taong tinuturuan na "[hinahanap] ang Jesus na ito."

Ngayon, ang Simbahan ay mayroon nang 367

stages of design, construction, or operation. And for what purpose? The answer is proclaimed on each temple: “Holiness to the Lord.”The temple opens the way to the highest blessings our Father in Heaven has for each one of us. Brothers and sisters, we are hastening our holiness as we live temple worthy, as we worship in the house of the Lord, and as we make covenants with God for ourselves and on behalf of our ancestors on the other side of the veil.

templo na dinidisenyo, itinatayo, o pinapatakbo. At para sa anong layunin? Ang sagot ay nasa bawat templo: “Kabanalan sa Panginoon.”Ang mga templo ay nagbubukas ng daan tungo sa pinakadakilang mga pagpapala na inihanda ng Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin. Mga kapatid, minamadali natin ang ating kabanalan habang tayo ay namumuhay nang nararapat para sa templo, habang tayo ay sumasamba sa bahay ng Panginoon, at habang tayo ay gumagawa ng mga tipan sa Diyos para sa ating sarili at alang-alang sa ating mga ninuno na nasa kabilang panig ng tabing.

President Nelson has said: “The assaults of the adversary are increasing exponentially, in intensity and in variety. Our need to be in the temple on a regular basis has never been greater. I plead with you to take a prayerful look at how you spend your time.”In His house we can feel the Lord’s hallowed presence and transcendent peace.

Sinabi ni Pangulong Nelson: “Ang mga pagsalakay ng kalaban ay lalong nadaragdagan, sa tindi at sa iba’t ibang uri. Ang pangangailangan sa malimit na pagpunta natin sa templo ay mas lalo nang napakahalaga sa ngayon. Nakikiusap ako sa inyo na mapanalanging tingnan kung saan ninyo ginugugol ang inyong oras.”Sa Kanyang bahay ay madarama natin ang banal na presensiya ng Panginoon at ang makalangit na kapayapaan.

Last year I was privileged to preside at the dedication of the Mendoza Argentina Temple. In my message, I referred to Elder Melvin J. Ballard’s 1926 prophecy that the work of the Lord would grow slowly for a time in South America, “just as an oak grows slowly from an acorn. It will not shoot up in a day,” but thousands would join the Church, and the nations of South America would become “a power in the Church.”I saw that prophecy fulfilled right before my eyes.

Nitong nakaraang taon, nagkaroon ako ng pribilehiyo na pamunuan ang paglalaan ng Mendoza Argentina Temple. Sa aking mensahe, binanggit ko ang propesiya ni Elder Melvin J. Ballard noong 1926 na ang gawain ng Panginoon sa South America ay dahan-dahang lalago sa loob ng ilang panahon, “tulad ng dahan-dahang pag-usbong ng oak mula sa isang acorn. Hindi ito lalaki sa loob lamang ng isang araw,” ngunit libu-libo ang aanib sa Simbahan, at ang mga bansa sa South America ay “magiging isang kapangyarihan sa Simbahan.”Nakita ko mismo na natupad ang propesiyang iyan.

Mendoza, once a small acorn, has become a mighty oak. That growth is being repeated across continents and isles of the sea.

Ang Mendoza, na noon ay isang maliit na acorn, ay naging isang magiting na puno ng oak. Ang paglagong iyan ay naulit sa maraming kontinente at sa mga isla ng karagatan.

We see the Lord hastening His work in missions. In 2024, 80,000 missionaries were serving in 450 missions.Thirty-six of those are new missions.Last year missionary work brought over 308,000 new members into the Church. More than numbers, the spirit of the gathering is bringing souls to Jesus Christ and His gospel.

Nakikita natin na minamadali ng Panginoon ang Kanyang gawain sa mga mission. Noong 2024, 80,000 mga missionaryang naglilingkod sa 450 na mga mission. Tatlumpu’t anim sa mga iyan ay mga bagong mission.Nitong nakaraang taon, ang gawaing misyonero ay nakapagdala ng mahigit 308,000na mga bagong miyembro sa Simbahan. Higit pa sa mga bilang, ang diwa ng pagtitipon ay ang pagdadala ng mga kaluluwa kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.

I think of the Apostles Brigham Young and Heber C. Kimball, who in 1839 set off as missionaries to the British Isles. They were ill; they

Naaalala ko ang mga Apostol na sina Brigham Young at Heber C. Kimball na noong 1839 ay nagpunta sa British Isles bilang mga mis-

left families sick and destitute. Nevertheless, the two climbed into a wagon, and while still in sight of their loved ones, Heber said, "Let's rise up and give them a cheer." The two struggled to their feet and shouted, "Hurrah, hurrah for Israel."

sionary. Sila ay may sakit; iniwan nila ang kanilang mga pamilya na may sakit at naghihikahos. Gayunpaman, ang dalawa ay sumakay sa bagon at habang natatanaw pa ang kanilang mga mahal sa buhay, sinabi ni Heber, "Tayo na at tumayo at pasiglahin sila." Sinikap na makatayo ng dalawa at sumigaw ng, "Mabuhay, mabuhay, ang Israel."

I saw that same enthusiasm for the Lord's work in Lima, Peru, when I met with missionaries from the missionary training center and missions in Lima. What a sight! I saw the hastening right before my eyes. There are now seven missions in just the city of Lima.

Nakita ko ang parehong kasigasigan para sa gawain ng Panginoon sa Lima, Peru, noong makipagkita ako sa mga missionary mula sa missionary training center at sa mga mission sa Lima. Kaygandang pagmasdan! Nakita ko mismo ang pagmamadali. Ngayon ay may pitong mission na sa lungsod pa lang ng Lima.

At the end of our meeting, the missionaries had a special surprise for me. They rose up and cheered, "Hurrah for Israel." I will never forget that moment; I wish all of you could have been there. Right before my eyes were missionaries who had set aside "the things of this world"to serve the Lord and help hasten His coming.

Pagkatapos ng aming pulong, nagbigay ng isang espesyal na sorpresa ang mga missionary para sa akin. Sila ay tumayo at sumigaw ng, "Mabuhay ang Israel." Hinding-hindi ko malilimutan ang sandaling iyon; sana naroon din kayo. Nakita ko mismo ang mga missionary na iniwan "ang mga bagay ng daigdig na ito"para maglingkod sa Panginoon at tumulong na madaliin ang Kanyang pagparito.

We see the Lord hastening educational opportunities for our members and even those not of our faith around the world. One of the things that distinguishes us as a church is our emphasis on education. The Lord commanded in the early days of the Restoration to "seek learning, even by study and also by faith."That is happening today and is worthy of a resounding "hurrah."

Nakikita natin na minamadali ng Panginoon ang mga oportunidad sa edukasyon para sa ating mga miyembro at kahit sa mga hindi kabilang sa ating relihiyon, sa buong mundo. Ang isa sa mga bagay na bukod-tangi sa atin bilang Simbahan ay ang ating pagpapahalaga sa edukasyon. Noong mga unang bahagi ng Pagpapanumbalik, ipinag-utos ng Panginoon na "maghanap ng kaalaman maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya."Ito ay nangyayari ngayon at nararapat para sa malakas na pagsigaw ng "mabuhay."

Currently more than 800,000 students worldwide are enrolled in seminary and institute, the highest enrollment in the history of the Church. Our youth gather in a variety of ways, from early-morning, daytime, and evening classes to online and in-home study. They are a mighty and righteous battalion, gaining strength from each other as they learn of Jesus Christ, follow, and testify of Him as the Son of God.

Sa kasalukuyan, mayroong mahigit 800,000 mga estudyante sa buong mundo ang naka-enroll sa seminary at institute, ang pinakamataas na bilang ng mga nag-enroll sa kasaysayan ng Simbahan.Ang ating mga kabataan ay nagtitipon sa iba't ibang paraan, mula sa early morning seminary, sa umaga, at sa gabi hanggang sa pag-aaral online at sa tahanan. Sila ang magiting at mabuting batalyon, na pinalalakas ang isa't isa habang sila ay nag-aaral tungkol kay Jesucristo, at sinusunod at pinatototohanan Siya bilang Anak ng Diyos.

Last fall I spoke at a devotional to an arena full of seminary and institute students and their parents at the University of Utah.Their attendance said much about their desire to know and follow Jesus Christ. My message to those students was clear: Give the Lord equal time. I counseled

Nitong nakaraang taglagas ay nagsalita ako sa isang debosyonal sa isang arena sa University of Utah na puno ng mga estudyante ng seminary at institute kasama ang kanilang mga magulang. Ipinahiwatig ng kanilang pagdalo ang kanilang pagnanais na kilalanin at sundin si Jesucris-

them to balance their studies with true higher learning, even a study of "the Son of the living God."

to. Ang aking mensahe sa mga estudyanteng iyon ay malinaw: Bigyan natin ng panahon ang Panginoon. Pinayuhan ko sila na balansehin ang kanilang pag-aaral sa tunay at mas maringal na pag-aaral, na siyang pag-aaral tungkol sa "Anak ng buhay na Diyos."

I ask the same of everyone today: Whatever is on your to-do list, give equal time, not spare time, to the Lord in personal scripture study, family study ofCome, Follow Me, prayer, Church callings, ministering, partaking of the sacrament, worshipping in the temple, and pondering the things of God. Our Lord and Savior has said, "Learn of me … and ye shall find rest unto your souls."Take Him at His word. And give Him equal time.

Gayundin ang hihilingin ko sa inyo ngayon: Anuman ang nasa inyong listahan ng mga gagawin, bigyan ninyo ng panahon, at hindi lamang ng natitirang oras, ang Panginoon sa inyong personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pag-aaral ngPumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin, bilang pamilya, pananalangin, mga calling sa Simbahan, pakikibahagi sa sakramento, pagsamba sa templo, at pagninilay ng mga bagay na nauukol sa Diyos. Sinabi ng ating Panginoon at Tagapaglitgas na, "Matuto kayo sa akin … at makakatagpo kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa."Magtiwala kayo sa Kanyang mga salita. At bigyan ninyo Siya ng panahon.

President Nelson has said: "I plead with you to let God prevail in your life. Give Him a fair share of your time. As you do, notice what happens to your positive spiritual momentum."

Sabi ni Pangulong Nelson: "Nakikiusap ako sa inyo na hayaang manaig ang Diyos sa inyong buhay. Bigyan Siya ng makatwirang bahagi ng inyong oras. Sa paggawa nito, pansinin ang mangyayari sa inyong positibong espirituwal na momentum."

We see that momentum building at seminaries, institutes, and Church universities. In these environments, the Lord is a priority. So should He be in each one of our lives.

Nakikita nating lumalakas ang momentum na iyan sa mga seminary, mga institute, at mga unibersidad ng Simbahan. Sa mga lugar na ito, ang Panginoon ang priyoridad. At dapat gayundin sa buhay ng bawat isa sa atin.

Another area that shows the growing reach of education in the Church is BYU–Pathway Worldwide. Across the world, enrollment has reached nearly 75,000 and continues to grow rapidly. Most are members, and more than one-third are in Africa.Pathway is all about access to education. Completing the courses means access to employment, and access to employment means a better life for families and more opportunities to serve the Lord.

Ang isa pang aspekto na nagpapakita ng pagpapalaganap ng edukasyon sa Simbahan ay ang BYU–Pathway Worldwide. May halos 75,000 ang nag-enroll sa iba't ibang panig ng mundo at ito ay patuloy na mabilis na nadaragdagan. Karamihan ay mga miyembro, at mahigit sa sangkatlo ay nasa Africa.Ang Pathway ay nakatuon sa pagkakaroon ng access sa edukasyon. Ang pagkumpleto ng mga kurso ay naghahatid ng oportunidad para makapagtrabaho, at ang pagkakaroon ng trabaho ay maghahatid ng mas mabuting buhay para sa mga pamilya at mas maraming oportunidad na makapaglingkod sa Panginoon.

When I was meeting with stake leaders in Uganda, I learned that the entire stake presidency was enrolled in BYU–Pathway. The more prepared we are temporally and spiritually, the more we can thwart the adversary's cunning attacks. Remember the words of Peter: "The devil, as a roaring lion, walketh about, seeking whom he may devour."

Nang nakipagpulong ako sa mga lider ng stake sa Uganda, nalaman ko na ang buong stake presidency ay naka-enroll sa BYU–Pathway. Habang mas handa tayo sa temporal at espirituwal na aspekto ng buhay, magiging mas handa tayong labanan ang mga pag-atake ng kalaban. Tandaan ang sinabi ni Pedro: "Ang diyablo na inyong kaaway ay tulad ng leong gumagala at

I recognize that in the midst of the good news of the gospel, there are those who struggle, who have faith challenges, doubts, and questions that seem to have no answers. Brothers and sisters, Jesus Christ is the answer.Start with Him. Look for His hand in your life. Listen to Him. "Let not your heart be troubled,"He said in His last hours to His disciples before Gethsemane,before carrying His cross through the streets of Jerusalem,before Golgotha,where He completed His atoning sacrifice—what only He, the Begotten Son of God, could do.

Know that He understands. He took upon Himself all our sins,mistakes, misery, and very bad days that we might live again with our Father in Heaven in eternity.He has said, "Look unto me in every thought; doubt not, fear not."Faith in Jesus Christ can lift you upand heal your wounded soul.Trust Himand you will hasten your return to "the arms of his love."

I emphasize again the words of our living prophet: "Do you see what is happeningright before our eyes? I pray that we will not miss the majesty of this moment! The Lord is hastening His work."May we as disciples of our day shout, "Hurrah for Israel" as we prepare for the return of our Lord and Savior. In the name of Jesus Christ, amen.

umuungal, na humahanap ng kanyang malalapa."

Alam ko na sa gitna ng magandang balita ng ebanghelyo, mayroon sa atin na nahihirapan, na may mga pagsubok sa kanilang pananampalataya, mga pagdududa, at mga tanong na tila walang kasagutan. Mga kapatid, si Jesucristo ang sagot.Magsimula kayo sa Kanya. Hanapin ang Kanyang impluwensiya sa inyong buhay. Pakinggan Siya. "Huwag mabagabag ang inyong puso,"ang sabi Niya sa Kanyang mga disipulo bago Siya magtungo sa Getsemani,bago Niya pasanin ang Kanyang krus sa mga kalsada ng Jerusalem,bago ang Golgota,kung saan Niya ginanap ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo—na Siya lamang bilang Bugtong na Anak ng Diyos ang makagagawa.

Dapat ninyong malaman na nakauunawa Siya. Dinala Niya sa Kanyang sarili ang lahat ng ating mga kasalanan,mga pagkakamali, mga paghihirap, at ang mga pagsubok nang sa gayon ay muli nating makapiling sa kawalang hanggan ang ating Ama sa Langit.Sinabi Niya, "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip, huwag mag-alinlangan, huwag matakot."Ang pananampalataya kay Jesucristo ay "[da]dakilain ka[yo]"at magpapahilom ng inyong sugatang kaluluwa.Magtiwala sa Kanyaat mamadaliin ninyo ang inyong pagbabalik sa "bisig ng kanyang pagmamahal."

Muli kong bibigyang-diin ang mga salita ng ating buhay na propeta: "Nakikita ba ninyo ang nangyayarimismo sa ating harapan? Dalangin ko na makita natin ang karingalan ng sandaling ito! Talagang minamadali na ng Panginoon ang Kanyang gawain."Nawa tayo bilang mga disipulo ngayon, ay maisigaw ang "Mabuhay ang Israel," habang tayo ay naghahandang makabalik sa piling ng ating Panginoon at Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.